Australian Government
Department of Employment and Workplace Relations

# Pagtasa ng mga Kasanayan (Skills Assessment Pilots)

## Libreng mga Pagtasa ng Kakayahang Makapagtrabaho

Ang mga migranteng naninirahan sa Australya na may matagumpay na pagtasa ng mga kasanayan ay maaaring makalahok sa Pagtasa ng Kakayahang Makapagtrabaho (Employability Assessments Pilot).

### Ano ang iniaalok?

- ✓ Isang libreng pagtasa ng kakayahang makapagtrabaho
- ✓ Isang libreng sesyon na may tagapagturo (coach)
- ✓ Isang libreng pansariling plano upang paunlarin ang inyong mga kasanayan para makapagtrabaho
- ✓ May subsidyong pagsasanay.

### Pabutihin ang inyong mga kasanayan para makapagtrabaho

Meron mga kasanayang di-teknikal na pwedeng makatulong sa inyong okupasyon upang makapagtrabaho nang mahusay kasama ng ibang tao.

Maaaring mayroon na kayong mga kwalipikasyon, kaalaman, at mga kasanayang teknikal upang gawin ang inyong trabaho.

Maaaring ang kulang na lang ay ang libreng pagtasa ng kakayahang makapagtrabaho upang makakuha kayo ng empleyo sa napili ninyong larangan.

### Pag-access sa may subsidyong pagsasanay

Maaaring matukoy ng inyong pagtasa ang pagsasanay na makakatulong magpabuti sa inyong mga kasanayan para makapagtrabaho.

Bibigyan kayo ng Pamahalaang Australya ng hanggang $3,000 para sa pagsasanay. Kailangan ninyong magbayad ng 10% ng halaga ng pagsasanay.

### Maaaring nararapat kayo kung kayo ay:

- ✓ may matagumpay na resulta ng pagtasa ng mga kasanayan sa isang **piling trabaho.**
- ✓ Nagtatrabaho nang mas mababa sa antas ng inyong kasanayan.
- ✓ Naninirahan sa Australya at may **marapat na permanenteng bisa.**
- ✓ Hindi pa nakatanggap ng suporta mula sa iba pang programa ng Pamahalaang Australya.

## Magmadali dahil limitado ang oportunidad na ito – **MAG-APLAY NA NGAYON!**

Humiling ng isang Application Form mula sa inyong Tagatasang Awtoridad (Assessing Authority). Susuriin nila ang inyong nakumpletong form upang alamin kung maaari kayong makilahok.

## Mag-aplay na ngayon at kuhanin ang trabahong gusto ninyo!

Mag-scan ng QR code para sa karagdagang impormasyon